# 8 暮らし | ARAW-ARAW NA KABUHAYAN

## ■日本の祝日

## ■ Mga Piyesta Opisyal sa Japan

日本の祝祭日

**(Piyesta Opisyal sa Japan)**

| Petsa | Wikang Hapon | Romaji | Pangalan ng Piyesta Opisyal |
|---|---|---|---|
| 1 月 1 日 | 元日 | Ganjitsu | Bagong taon |
| 1 月第2月曜日 | 成人の日 | Seijin no hi | Coming of age day o pagpakilala sa lipunan |
| 2 月 11 日 | 建国記念の日 | Kenkokukinen no hi | National foundation day |
| 2 月 23 日 | 天皇誕生日 | Tennou tanjyoubi | Kaarawan ng Emperador |
| 3 月 20 日* | 春分の日* | Shunbun no hi | Vernal Equinox day |
| 4 月 29 日 | 昭和の日 | Shouwa no hi | Showa day |
| 5 月 3 日 | 憲法記念日 | Kenpou kinenbi | Constitution memorial day |
| 5 月 4 日 | みどりの日 | Midori no hi | Greenery day |
| 5 月 5 日 | 子供の日 | Kodomo no hi | Araw ng mga bata o Children’s day |
| 7 月の第3月曜日 | 海の日 | Umi no hi | Marine day o araw ng dagat |
| 8 月 11 日 | 山の日 | Yama no hi | Araw ng kabundukan |
| 9 月の第3月曜日 | 敬老の日 | Keirou no hi | Araw ng pagrespeto sa mga matatanda |
| 9 月 23 日* | 秋分の日* | Shubun no hi | Autumnal Equinox day |
| 10 月の第2月曜日 | 体育の日 | Taiiku no hi | Araw ng paligsahan o sports |
| 11 月 3 日 | 文化の日 | Bunka no hi | Araw ng kultura |
| 11 月 23 日 | 勤労感謝の日 | Kinroukansha no hi | Labor-Thanksgiving day |

＊Paalala: maaring magbago ang mga araw sa mga bahaging may markang *.

## ■覚えておくと便利なミニ情報

- あいさつ:近所や職場で知っている人と会ったときには、朝は「おはよう(ございます)」、日中は「こんにちは」、夜は「こんばんは」と言いながら会釈します。
- 食事のとき:食べ始める際に「いただきます」、食べ終わった際には「ごちそうさま」と言います。
- 日本の家屋:通常、玄関が部屋より一段低くなっています。家の中に入るときは、玄関で靴を脱いで上がります。室内用スリッパがある場合は履きますが、畳の部屋ではスリッパは脱ぎます。
- 手洗い(トイレ):洋式と和式のトイレがあります。和式トイレは、便器の上にしゃがんで用を足します。トイレットペーパー以外の物を便器に捨てると詰まりますので注意してください。
- 風呂:日本式の風呂では、浴槽の外で体を洗ってから、浴槽につかります。湯は1人入るごとに替えないので、後から入る人のために、きれいに使いましょう。

## ■ Konting impormasyon na maaring makatulong

- Pagbati: Sa oras na makita ninyo ang isang kakilala mula sa pook ng trabaho o mga kapitbahay, maaring magbigay-galang sa mga ito sa pamamagitan ng pagyukod habang binabati sila ng "Ohayo (gozaimasu)" kapag umaga, "Konnichiwa" para sa tanghali o hapon at "Konbanwa" naman para sa gabi.
- Sa oras ng pagkain: ang pagbati bago kumain ay "Itadakimasu" at "Gochiso-sama deshita" pagkatapos kumain.
- Bahay sa Japan: Karaniwan, ang pasukan (genkan) ay mas mababa ng isang hakbang kumpara sa loob ng silid. Bago pumasok sa loob ng bahay, kailangang tanggalin muna ang sapatos. Magsuot ng tsinelas o slippers na nakalaan para sa loob ng bahay, pero kailangang tanggalin ito kapag papasok sa isang silid na may sahig na gawa sa “tatami”.
- Kubeta: May western style at traditional Japanese style na kubeta. Para sa Japanese style, kailangang “squatting position” ang gawin ninyo sa paggamit ng kubeta. Iwasan ang pagtapon ng anumang bagay maliban sa toilet paper upang hindi bumara ang kubeta.
- Paliguan (Furo): Sa Japanese style na paliguan, kailangang paliguan muna ng maigi ang katawan bago pumasok sa bathtab. Hindi papalitan ang tubig matapos itong gamitin, kaya kailangang manatili itong malinis para sa susunod na

- チップ：日本ではチップを渡す習慣はありません。
- レストランやホテル等では、請求料金にサービス料が含まれていることがあります。
- 自治会（町内会）と子供会：地域の住民の助け合いや親睦の場として町内ごとに組織されています。入会は任意ですが、入会すると自治体の広報や地域の行事の情報を得ることができます。清掃活動、防犯活動、防災活動、盆踊りや運動会などの行事も行っています。お知らせは、通常、「回覧板」で回ってきますので、読んだら順番に次の人に回します。

gagamit nito.

- Tip: Sa Japan, hindi kinaugalian ang pagbibigay ng tip.
- Sa mga restaurant, hotel, at iba pa, ang service fee ay maaring nakapaloob na sa invoice.
- Samahan ng mga residente (samahan ng mga magkakapitbahay) at samahan ng mga kabataan: mga organisasyong pangkomunidad kung saan nagtutulungan ang mga residente sa palakaibigan na tagpuan. Boluntaryo ang pagsali sa mga ito pero kung ikaw ay naging miyembro, makatatanggap ka ng pampublikong pahayagan mula sa lokal na pamahalaan at impormasyon tungkol sa mga lokal na kaganapan. Nag-aayos din sila ng iba't ibang aktibidad na may kaugnayan sa paglinis ng bayan, pagbantay laban sa krimen, pag-iwas sa sakuna, sayaw sa pista ng Bon, at mga palaro. Kadalasan, ang impormasyon ay pinapaikot isa-isa sa bawat residente kaya pagkatapos basahin ang anunsyo, kinakailangan ipasa ito sa susunod na tao.

## ■ゴミの処理

家庭から出るゴミは、通常、燃えるゴミ、燃えないゴミ、ビン・缶、資源物など市町村で決められた種類に分別し、決めたれた日時に、決められた場所に出します。粗大ゴミや処理が難しいゴミは、有料で個別に処理します。エアコン、テレビ、冷蔵庫、洗濯機の4品目は、粗大ゴミにして出すことができませんので、有料で販売店に引き取ってもらいます。

ゴミの分け方や出し方は、地域ごとに決められていますので、近所の人に確認するか、市区町村役所に問い合わせてパンフレットなどをもらってください。

## ■ Paraan ng pagtapon ng basura

Ang mga basura mula sa tahanan ay karaniwang ibinubukod sang-ayon sa uri at itinatapon sa araw at lugar na itinakda ng munisipyo. Ibinubukod ito bilang mga basurang sinusunog, hindi sinusunog, bote, lata, mga bagay na maaaring i-recycle, at iba pa. Ang mga malalaking basura o mga basurang mahirap itapon, ay bukod na itinatapon. May singil ang pagtapon ng mga ito. Ang aircon, telebisyon, refrigerator at washing machine ay apat na mga bagay na hindi maaring itapon bilang malalaking basura o "oversized garbage". Kailangang ipakulekta ang mga ito sa pamamagitan ng mga tindahan o retail shops at bayaran ang nararapat na singil. Iba't-iba ang pamamaraan ng pagbukod at pagtapon sa bawat rehiyon, kaya magtanong sa inyong kapitbahay o di kaya'y sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo upang tumanggap ng mga pamphlet.

### 役に立つ言葉

**Mga kapaki-pakinabang na mga salita:**

| | | |
|---|---|---|
| ①ゴミの置き場はどこですか？ | Gomi okiba wa doko desu ka? | Nasaan ba ang tapunan ng basura? |
| ②ゴミを出す日、時間を教えてください。 | Gomi o dasu hi to jikan o oshiete kudasai. | Pakituro ninyo sa akin ang araw at oras ng pagtapon ng mga basura |
| ③ゴミの分け方を教えてください。 | Gomi no wakekata o oshiete kudasai. | Pakituro ninyo sa akin ang paraan ng pagbukod ng mga basura. |
| ④ゴミ袋はどこに売っていますか？ | Gomibukuro wa doko de utte imasu ka? | Saan ba nagbebenta ng mga supot ng basura o garbage bag? |
| ⑤役所の電話番号は何番ですか？ | Shichoson yakuba no denwa bango wa nanban desu ka? | Ano ba ang numero ng telepono ng munisipiyo? |

## ■ペットを飼うとき

①犬の登録及び予防接種

犬を飼うときは、登録と狂犬病の予防注射が義務付けられています。生後91日以上の飼い犬を所有したときは、30日以内に市町村役所で犬の登録を申請します。また、犬が死亡したり、所在地を変更したり、犬の所有者が変更した場合も30日以内に申請します。登録をすると「鑑札」が交付されますので、それを必ず犬につけます。毎年1回、狂犬病の予防注射を受けさせなければなりません。

詳しくは市町村役所にお問い合わせください。

②犬や猫が飼えなくなった時・死んだとき

犬や猫を飼い続けることが困難になった場合には、できるかぎり新しい飼い主を見つけてください。どうしても新しい飼い主が見つからないときは、地域の保健所か動物愛護センターに相談してください。ペットが死んだ時は、最寄の清掃事務所又はペット霊園に相談してください。

動物愛護センター
富里市御料709-1
電話:0476-93-5711
動物愛護センター(東葛飾支所)
柏市高柳1018-6
電話:04-7191-0050

③その他

集合住宅の中には、ペットの飼育を禁止しているところがあります。集合住宅でペットを飼うときは、賃貸借契約書を事前に確認してください。

## ■ Pagkupkop o pag-aalaga ng mga hayop

1) Pagrehistro at pagbakuna sa mga aso

Sa Japan, ang mga aso na nasa 91 araw o higit ay kailangang magpabakuna laban sa rabies at iparehistro sa lokal na munisipiyo sa loob ng 30 araw matapos kupkupin. Ang pagkamatay ng aso, pagbabago ng tirahan o anumang pagbabago sa pag-aari nito, ay kailangang iparehistro. Ang isang “Proof of registration” (Kansatsu) ay ipinagkakaloob matapos ang pagrehistro at kailangan itong ikabit sa kulyar ng aso. Kailangang magpabakuna ang inyong aso ng isang beses bawat taon.

Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo.

2) Sa oras na hindi na ninyo kayang kupkupin ang aso o kapag namatay na ito:

Sa kasong nahihirapan kayong kupkupin ang inyong aso o pusa, kailangang humanap kayo ng taong maaring kumupkop nito. Kung hindi kayo makahanap ng kukupkop sa inyong alagang hayop kahit anuman ang gawin ninyo, kumunsulta sa Public Health Center sa inyong lugar o sa Animal Protection Center. Kapag namatay ang inyong alagang hayop, tawagan agad ang pinakamalapit na tanggapan ng Sanitation Office o libingan ng mga hayop.

Animal Protection Center.
Tomisato-shi Goryo 709-1
Numero ng telepono: 0476-93-5711
Animal Protection Center (sangay o branch sa Higashi Katsushika)
Kashiwa-shi Takayanagi 1018-6
Numero ng telepono: 04-7191-0050

3) Iba pa

May mga apartment complex na nagbabawal sa pagkupkop ng mga hayop sa loob ng tirahan. Kung nais ninyong mag-alaga o kumukop ng hayop, kumpirmahin muna ang mga kondisyon o patakaran sa kontrata ng pagrenta ng inyong tirahan.

## ■物を買ったり、サービスを受けて、トラブルにあったとき

消費者相談窓口では、身近な商品の品質やサービスなど消費生活に関する相談、悪質商法や契約のトラブルにあったときの相談を受け付けています。

## ■Kapag may problema sa pagbili ninyo ng mga produkto o serbisyo

Ang Consumer Resource Center ay tumatanggap ng kunsultasyon ukol sa kalidad ng mga produkto o serbisyong tinanggap pati na ang mga problemang sanhi ng panloloko (malicious commercial practice) o mga problema sa kontrata.

◇千葉県消費者センター
電話:047-434-0999
相談時間：月曜日～金曜日（祝祭日を除く）午前9:00～午後4:30
土曜日　午前9:00～午後4:00
http://www.pref.chiba.lg.jp/customer/soudan/chiba.html

**◇Chiba Prefectural Consumer service Center (Chiba-ken Shohisha Center)**

Numero ng telepono: 047- 434 - 0999

Maaring kumunsulta mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga Piyesta Opisyal) mula 9:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon

Sabado 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon

http://www.pref.chiba.lg.jp/customer/soudan/chiba.html

**市町村消費生活センター**

**(Consumer Consultation Centers)**

| Lugar | Numero ng telepono | Oras ng konsultasyon |
|---|---|---|
| 千葉 (Chiba) | 043-207-3000 (direto) | 9:30am~4:30pm (Lunes hanggang Sabado) *Tawag lamang |
| 銚子(Choshi) | 0479-24-8194 | 9:00am~12:00pm、1:00pm~4:00pm |
| 市川(Ichikawa) | 047-320-0666 | 10:00am~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes, ikalawa at ikaapat na Sabado) |
| 船橋(Funabashi) | 047-423-3006 | 9:00am~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes, ikalawa at ikaapat na Sabado) |
| 木更津(Kisarazu) | 0438-20-2234 | 10:00am~4:00pm |
| 松戸(Matsudo) | 047-365-6565 | 8:30am~4:00pm |
| 野田(Noda) | 04-7123-1084 | 10:00am~12:00pm、1:00pm~4:00pm |
| 茂原（Mobara） | 0475-20-1101 | 9:30 am ~ 12:00pm, 1:00 pm ~ 4:00 pm |
| 成田(Narita) | 0476-23-1161 | 9:30am~4:30pm |
| 佐倉(Sakura) | 043-483-4999 | 9:00am~12:00pm、1:00pm~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes at kada ikatlong Sabado ng buwan) |
| 旭(Asahi) | 0479-62-8019 | 9:00am~4:00pm |
| 習志野(Narashino) | 047-451-6999 | 9:30am~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes at kada ikalawang Sabado ng buwan) |
| 柏(Kashiwa) | 04-7164-4100 | 9:00am~4:30pm(Lunes hanggang Biyernes) 9:00am~4:30pm（ikatlong Sabado, sa telepono） |
| 市原(Ichihara) | 0436-21-0999 | 9:00am~12:00pm、1:00pm~3:30pm |
| 流山(Nagareyama) | 04-7158-0999 | 9:00am~4:30pm |
| 八千代(Yachiyo) | 047-485-0559 | 9:00am~12:00pm、1:00pm~4:00pm |
| 我孫子(Abiko) | 04-7185-0999 | 10:00am~5:30pm (Lunes hanggang Biyernes,ikalawa at ikaapat na Sabado) |
| 鎌ヶ谷（Kamagaya） | 047-445-1246 | 10:00am~12:00pm、1:00pm~4:00pm |
| 君津（Kimitsu） | 0439-56-1529 | Bukas lamang tuwing Lunes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes 9:00am~12:00pm, 1:00pm~3:00pm |
| 浦安(Urayasu) | 047-390-0030 | 10:00am~4:00pm |
| 四街道(Yotsukaido) | 043-422-2155 | 9:00am~4:00pm（Bukas din tuwing ika-una at ikatlong Sabado） |
| 袖ケ浦（Sodegaura） | 0438-62-2111(577) | 9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |
| 八街(Yachimata) | 043-443-9299 | 9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |
| 印西（Inzai） | 0476-42-3306 | 9:30am~12:00pm, 1:00pm~4:30pm |
| 白井（Shiroi） | 047-492-1111(3294) | 10:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |
| 富里(Tomisato) | 0476-93-5348 | 9:30am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |
| 香取（Katori） | 0478-50-1300 | 9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |

| Lugar | Numero ng telepono | Oras ng konsultasyon |
|---|---|---|
| 山武（Sanmu） | 0475-82-8453 | 9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:30pm |
| 東金（Togane） | 0475-50-1238 | 10:00am~12:00pm, 1:00pm~3:00pm |
| 匝瑳（Sosa） | 0479-74-7007 | Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes<br>9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm |
| 大網白里<br>(Oamishirasato) | 0475-70-0344 | Lunes, Martes, Miyerkules, Biyernes<br>10:00am ~ 12:00pm, 1:00pm ~ 3:00pm |

Paalala: Sa pagsangguni sa mga centers na nabanggit sa itaas, kailgangang marunong magsalita ng wikang Hapon.

Ang araw ng pagsangguni ay mula Lunes hanggang Biyernes lamang. Kung mayroon mang ibang araw na maaaring makapagsangguni, ito ay nakasaad sa listahan ng sanggunian sa itaas.

## ■銀行で口座を開設するとき

口座開設の申込みには、パスポートや在留カードなどの本人が確認できる書類などと、印鑑またはサイン、社員証又は学生証が必要です。同時に、キャッシュカードをつくると、ATM（現金自動預払機）や CD(現金自動払機)で入金・払い戻し・振込・残高照会をすることができて便利です。

帰国するときは、解約しましょう。

## ■ Pagbukas ng Bank Account

Sa pagbukas ng bank account, kailangang ipakita ang pasaporte, residence card, at iba pang mga dokumento na maaaring magpatunay sa sarili. Kailangan din ang sariling stampa o pirma, employee ID card o student ID card.

Sa pag-apply para sa inyong account, mas maigi kung sabay ninyong ipagawa ang isang cash card. Sa pamamagitan ng cash card na ito, maari kayong mag- withdraw at magdeposito ng pera sa mga Cash Dispensers (CD) o Automatic Teller Machines (ATM).

Ikansela ito kapag uuwi na sa sariling bansa.

## ■公共料金の支払

電気、ガス、水道、電話、NHK などの料金は、毎月決まった日までに、それぞれの会社に納入しなければなりません。銀行などの金融機関に普通預金の口座を持っている人は、その口座からこれらの料金を期日までに自動的に払ってくれる口座振替制度を利用すると便利です。

現金での支払いのほか、コンビニエンスストアやクレジットカードでも支払えます。

## ■ Paano bayaran ang mga “Public utility” bills

Bawat buwan sa itinakdang araw, kailangang bayaran ninyo ang mga singil sa paggamit ng elektrisidad, gas at tubig, telepono, NHK fee, at iba pa. kung kayo ay may “ordinary account” sa isang bangko o anumang financial institution, mas maigi na bayaran ninyo ang mga itinakdang bayarin o singil sa pamamagitan ng Automatic Payment (Koza Furikae).

Bukod sa pagbayad ng cash, maaari din na gamitin ang convenience stores o credit card.

## ■新聞

日本では、近くの新聞代理店に申し込むと、毎日、朝と夕方に配達をしてもらえます。何種類かの外国語の新聞もありますので、近くの新聞代理店に問い合わせてください。

## ■Diyaryo o pahayagan

Sa Japan, kung nais ninyong mag-subcribe ng diyaryo sa isang “local distributor”, ihahatid sa inyo ang diyaryo tuwing umaga at gabi. May mga diyaryo sa Japan na nasa wikang Ingles, kaya magtanong sa tanggapan ng diyaro o distributor sa inyong lugar.

## ■テレビ・ラジオ

**(1)テレビ**

家やアパートにテレビを取り付けた場合、日本放送協会（NHK）との受信契約が必要になります。NHK は公共の放送局です。受信料は2か月ごとに支払うことになっています。6 か月分、12 か月分を前払いすることもできます。銀行口座からの振替、クレジットカードや振込用紙による支払い方法があります。

多くの外国の映画やニュースを含む番組が、原語と日本語で放映されています。TVの多重音声機能により、原語又は日本語に切り替えることができます。

大規模地震の警戒宣言、津波警報が発せられた場合は、NHK（1チャンネル）、衛生放送TV の副音声で、英語の放送を聴くことができます。

**(2)ラジオ**

千葉県内で聞けるラジオステーションはたくさんありますが、日本のラジオの周波数は他の国と異なり外国のラジオは使用できませんので、日本製のラジオが必要になります。なお、次のステーションで外国語による放送を聞くことができます。

American Forces Network(AFN) : Tokyo AM 810

Inter FM：FM 89.7MHz

毎日24時間英語を中心に放送、スポットインフォメーション等を北京語、ハングル韓国語、タガログ語、スペイン語、ポルトガル語

## ■ Telebisyon at radyo

(1) Telebisyon

Kapag nagpakabit kayo ng telebisyon sa inyong bahay, kailangang gumawa ng kontrata sa Japan Public Broadcasting Corporation (NHK) para sa paggamit ng serbisyo. Ang broadcasting fee ay binabayaran bawat dalawang buwan. Maari ninyong bayaran ito sa pamamagitan ng credit card, payment slip o ipabawas ng direkta sa inyong bank account. Puwedeng gawin ang advance payment para sa 6 buwan at 12 buwang bahagi ng singil.

Maraming mga pelikula at programang banyaga ang pinapalabas sa telebisyon sa Japan sa orihinal na lingwahe at sa wikang Hapon. Maaring piliin ang nais na lingwahe o wika sa pamamagitan ng “bilingual capability” ng telebisyon.

May English broadcasting sa NHK TV (Channel-1) at mga “dubbed version” sa Satellite TV, na ipinapalabas para sa pagbigay ng babala sa pagdating ng malaking lindol at tsunami (tidal wave).

(2) Radyo

Maraming estasyon ng radyo na maaring pakinggan sa loob ng Chiba, pero kailangan ninyo ng radyong maaring gamitin sa Japan dahil iba ang “radio frequency” na ginagamit sa Japan kumpara sa ibang bansa at karamihan sa mga radyo galing sa ibang bansa ay hindi gumagana sa Japan. Ang sumusunod na mga estasyon ng radyo ay may mga balita sa iba’t-ibang wika.

American Forces Network(AFN)：Tokyo AM 810

.

Inter FM: FM 89.7 MHz

24-oras na broadcast sa salitang Ingles. Mga “spot information” at iba pa, pahayag o broadcast sa wikang Mandarin, Koreano,Tagalog, Espanyol at Portuguese

## ■図書館

## ■Aklatan o Library

### 外国語資料のある図書館

### Mga Aklatan o Library na may mga materyal sa wikang banyaga

| Akalatan | Pook o lugar at numero ng telepono |
|---|---|
| 千葉県立中央図書館<br>(Chiba Prefectural Library) | Chiba-shi Chuo-ku Ichiba-cho 11-1<br>043-222-0116 |
| 県立西部図書館<br>(Chiba Prefectural West Library) | Matsudo-shi Sendabori 657-7<br>047-385-4133 |
| 県立東部図書館<br>(Chiba Prefectural East Library) | Asahi-shi ha no 349<br>0479-62-7070 |
| 千葉市中央図書館<br>(Chiba City Central Library) | Chiba-shi Chuo-ku Benten 3-7-7<br>043-287-3980 |
| 千葉市みやこ図書館<br>(Chiba City Miyako Library) | Chiba-shi Chuo-ku Miyako-cho 3-11-3<br>043-233-8333 |
| 市原市立中央図書館<br>(Ichihara Municipal Central Library) | Ichihara-shi Sarashina 5-1-51<br>0436-23-4946 |
| 習志野市立新習志野図書館<br>(Narashino City Shin Narashino Library) | Narashino-shi Akitsu 3-6-3<br>047-453-3399 |
| 船橋市中央図書館<br>(Funabashi City Central Library) | Funabashi-shi Honcho 4-38-28<br>047-460-1311 |
| 船橋市西図書館<br>(Funabashi City West Library) | Funabashi-shi Nishifuna 1-20-50<br>047-431-4385 |
| 船橋市北図書館<br>(Funabashi City North Library) | Funabashi-shi Futawa Higashi 5-26-1<br>047-448-4899 |
| 市川市中央図書館<br>(Ichikawa City Central Library) | Ichikawa-shi Onitaka 1-1-4<br>047-320-3333 |
| 浦安市立中央図書館<br>(Urayasu Central Public Library) | Urayasu-shi Nekozane 1-2-1<br>047-352-4646 |
| 白井市立図書館<br>(Shiroi Public Library) | Shirai-shi Fuku 1148-8<br>047-492-1122 |
| 我孫子市民図書館<br>(Abiko City Library) | Abiko-shi Wakamatsu 26-4<br>04-7184-1110 |
| 印西市立大森図書館<br>(Inzai Omori Public Library) | Inzai-shi Omori 2535<br>0476-42-8686 |
| 佐倉市立志津図書館<br>(Sakura Shizu Public Library) | Sakura-shi Nishi Shizu 4-1-2<br>043-488-0906 |
| 佐倉市立佐倉南図書館<br>(Sakura South Public Library) | Sakura-shi Sanou 2-37-13<br>043-483-3000 |
| 成田市立図書館<br>(Narita Public Library) | Narita-shi Akasaka 1-1-3<br>0476-27-4646 |
| 八街市立図書館<br>(Yachimata Public Library) | Yachimata-shi Yachimata Ho 800-1<br>043-444-4946 |
| 富里市立図書館<br>(Tomisato Public Library) | Tomisato-shi Nanae 653 -1<br>0476-90-4646 |
| 横芝光町立図書館<br>(Yokoshibahikari Public Library) | Yokoshiba-Hikari-machi Miyagawa 11917<br>0479-84-3311 |
| 袖ケ浦市立中央図書館<br>(Sodegaura Public Library) | Sodegaura-shi Sakado-Ichiba 1393-2<br>0438-63-4646 |

千葉県には県立図書館が 3館、市町村立図書館が 72館の、合計75館の公立図書館があり、千葉県に住んでいる人は誰でも利用できます。

http://www.library.pref.chiba.lg.jp/guide/librarylist

図書館カードの申込みには運転免許証、会社の身分証明書、在留カードなど住所を確認できるものが必要です

Sa aklatan ng Chiba Prefecture , may tatlong prefectural library at 72 local library na bumubuo sa 75 na aklatan o library, na bukas para sa lahat ng nakatira sa loob ng prefecture.

http://www.library.pref.chiba.lg.jp/guide/librarylist

Upang mag-aplay para sa library card, kinakailangang magdala ng ID kung saan maaaring kumpirmahin ang iyong address, tulad ng lisensya ng pagmamaneho, ID ng kumpanya, residence card, atbp.

### ■観光

千葉県では、「まるごとeちば」サイトで、おすすめスポットやイベントなどの情報を提供しています。また、全国の観光サイトや交通機関の情報なども見ることができ、便利です。

http://maruchiba.jp/

### ■Turismo

Ang Chiba Prefecture ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa mga rekomendadong pook at mga gawain sa Chiba Tourism Guide, “Marugoto e-Chiba” site. Maaring tingnan ang mga tourism websites, mga impormasyon sa trapiko, at iba pa, sa buong Japan.

http://japan-chiba-guide.com/index.html